2011 - 12 – 01 : Isang kasama ko na galing sa probinsiya ng Hunan ay nasa ospital ng HK Detention Center. Doon ay sinabihan siya ng doktor: “Malubha ang atay mo. Kailangan mo ng liver transplant.”
2011 - 01 - 09 : Mga doktor sa Queen Elizabeth Hospital at Princess Margaret Hospital ay ganun din ang sinabi: “Kailangan mo ng liver transplant. Gawin mo ito kapag bumalik ka sa Tsina.”
2012 - 01 - 12 : Ang kasama ko ay nagbalik sa ospital ng Detention Center, at tanghali ng Enero 27 ay nakatanggap siya ng “Doctor Jesus”. Nang gabi ring iyon, humingi siya ng tulong kay Hesus. Nawala ang sakit na nararamdaman niya ng gabing iyon. Pagkatapos ng maraming pagsusuri sa ospital, sinabi ng doktor: “Wala na lahat. Ang iyong atay ay magaling na!”

.....

Noong 2006, isa ring kasama ko na nasa parehong ospital ng Detention Center, bago nakulong, siya ay na-operahan, na kung saan tinanggal ang mahigit na 30 bato mula sa kanyang kidney. Nakulong siya noong 2007. At noong 2011 bumalik ang problema niya sa kidney. Noong Nobyembre 2011, matapos siyang dumaan sa x-ray, sinabi sa kanya na may bagong bato sa kanyang kidney.... at kakailanganing operahan siya ulit. Humingi siya ng tulong kay Hesus. Pagkatapos ay gumanda ang kanyang pakiramdam.Sa bagong x-ray nakita na ang mga bato sa kanyang kidney ay wala na, at sinabi ng doktor: “Hindi ka na kailangang operahan!”